JANUARY
Makugihon

FEBRUARY
Mahigugmaon

MARCH
Matinabangon

APRIL
Matinahuron

MAY
Mahapsay og Malimpyo

JUNE
Maabtik og Musunod sa Husaktong Oras

JULY
Maantigo og Maabilidad

AUGUST
Maginhunahunaon para sa Uban

SEPTEMBER
Madaginoton

OCTOBER
Matinud-anon

NOVEMBER
Masaligan

DECEMBER
Maalamguon


Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula


6

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# Filipino

## Ika-apat na Markahan – Modyul 2
## Pagpapangkat ng Salitang Magkakaugnay



Name of Learner: ___________________________

Grade & Section: ___________________________

Name of School: ___________________________

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Charagin A. Guadalquiber
**Editor:** Raquel A. Ompad
**Tagasuri:** Lilibeth C. Trayvilla
**Tagaguhit/Tagakuha ng Larawan:**
**Tagalapat:** EPS Florencio R. Caballero, DTE
**Tagapamahala:** SDS Majarani M. Jacinto, EdD, CESO VI
ASDS Visminda Q. Valde, EdD
ASDS Raymond M. Salvador, EdD, CESE
ASDS Juliet A. Magallanes, EdD
EPS Florencio R. Caballero, DTE



# Alamin

Magandang araw kaibigan! Ako'y nagagalak dahil magkakaroon ka naman ng bagong pagkakabalahan na tiyak na ikaw ay may matutunan. Handa ka na bang matutong muli?

Sa modyul na ito, matutuhan mo ang pagpapangkat ng mga salitang magkakaugnay.

May mga gawain akong inihanda para sa iyo upang mahasa ang iyong kaalaman tungkol dito.

Pagkatapos ng modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

- Napapangkat ang mga salitang magkakaugnay
**( F6PT-IVb-j-14)**



# Subukin

Tukuyin ang magkakaugnay na mga salita sa bawat bilang. Isulat ang sagot sa sagutang papel

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1. mahusay | eksperto | pag-aaral | kahon |
| 2. Facebook | Instagram | aklat | Twitter |
| 3. mag-aaral | parke | paaralan | guro |
| 4. barko | dyip | traysikel | bus |
| 5. keyk | kendi | bayabas | tsokolate |



# Balikan

Noong nakaraang linggo ay napag-aralan mo ang tungkol sa paggawa ng patalastas at usapan  gamit ang iba't ibang bahagi ng pananalita. Handa ka na bang balik-aralin ito? Subukan mong sagutin ang gawain sa ibaba.

Isulat Ang **TAMA** kung ang ipinahahayag sa pangungusap ay patungkol sa Patalastas at **MALI** naman kung hindi. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Ang patalastas ay isang paraan ng pag-anunsyo ng produkto o serbisyo.
2. Sa pagsulat ng patalastas, hindi na dapat aalamin kung sino bibili ng produkto.
3. Maaaring gumamit ng iba't ibang bahagi ng pananalita sa pagsulat ng patalastas.
4. Kinakailangang tama ang detalyeng ilagay sa pagsulat ng patalastas.
5. Maliit na titik lamang ang gagamitin sa pagsulat ng patalastas

Binabati kita! Natatandaan mo pa ang iyong nakaraang leksyon? Ngayon, ibang leksyon na naman ang iyong pag-aaralan. Handa ka na ba?



# Tuklasin

Basahin natin ang ulat sa ibaba at tuklasin natin ang masamang epekto ng labis na oras sa Facebook.



(*Kinuha mula sa*http://clipart-library.com/clipart/n887092.htm)

**Labis na Oras sa *Facebook*, May Masamang Epekto raw sa Pag-aaral**

Lumitaw sa isang pag-aaral sa US na mababa raw ang markang nakukuha sa paaralan ng mga kabataan na nahuhumaling sa Facebook. Sa

ulat ni GMA News Pia Arcangel sa *24 Oras* nitong Martes, sinabing nakitaan sa isinagawang pag-aaral ng American Psychological Association ang koneksiyon ng social networking sites gaya ng Facebook sa pagbaba ng marka ng mga estudyante doon. Ayon sa pag-aaral, mas mababa ang grado sa eskuwelahan ng mga mag-aaral na bumibisita sa Facebook tuwing ika-15 minuto. Bukod dito, ang mga kabataan na nahuhumaling sa naturang social networking site ay may posibilidad na magpakita ng psychological disorder, maging depress at maging mapagsarili.

Bagaman wala pang ganitong pag-aaral sa Pilipinas, sinabi ng ilang eksperto matagal na silang nagbababala laban sa labis na paggamit ng Internet. Ayon kay Dr. Bernadette Arcena ng St. Lukes Hospital, bukod sa nawawala ang quality time ng mga bata, lumalawak din umano communication gap sa kanila at nawawala ang tutok nila sa pag-aaral. Dahil may maganda rin naman daw naidudulot ang Internet sa kaalaman ng mga kabataan, sinabi ni Arcena na kailangan lamang gabayan ng husto ang mga bata. Sa panayam ni Arcangel sa batang itinago sa pangalang Nick, 12-anyos, inamin ng bata na nahumaling siya noon sa Internet partikular sa Facebook kaya bumagsak ang kanyang marka ng hanggang 65. Pero kung dati ay nagbababad si Nick sa mga internet shop ng mula hapon hanggang hatinggabi araw-araw, ngayon ay dalawang oras na lang umano para makabawi sa kanyang pag-aaral. - **FRJ, GMA News**

**Tanong:**

1. Ano-ano ang mga maaaring makita sa mga kabataang nahuhumaling sa Facebook?
2. Ano ang pahayag ni Dr. Bernadette Arcena sa ng St. Lukes Hospital tungkol ditto?
3. Sa iyong palagay, ano ang dapat gawin upang malimitahan ang paggamit ng mga bat ang facebook?
4. Bilang mag-aaral, ano ang maipapayo mo sa kapwa mag-aaral na nahuhumaling sa facebook?
5. Bukod sa Facebook, anu-ano pang social networking sites ang maaaring makakasama kung labis ang pagbabad nito?
6. Magkakaugnay ba ang mga salitang Facebook, Instagram, at Twitter?Bakit?



# Suriin

Ano ang Salitang Magkaugnay?

- Ang **Salitang Magkaugnay** ay mga salitang magkatulad o magkaugnay ang kahulugan. Ang mga salitang ito ay magkakasama at magkakapareha.
- pamamagitan ng pagtukoy kung magkasingkahulugan o magkasalungat ba ang mga ito.

  Ang mga grupo ng mga salita sa ibaba ay halimbawa ng mga Salitang Magkakaugnay

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Mahusay | Dyip | Guro | Keyk | *Facebook* |
| Eksperto | Traysikel | Mag-aaral | Kendi | *Instagram* |
| Pag-aaral | Bus | Paaralan | tsokolate | *Twitter* |



# Pagyamanin

Makikilala mo na ba ang mga salitang magkaugnay? Magaling kaibigan! Ngayon, magkakaroon tayo ng pagsasanay para masubok ang iyong kaalaman sa bagong aralin.

A. Tukuyin ang dalawang salitang magkaugnay sa bawat bilang. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. isaw, keyk, mamon
2. DVD player, kalan, telebisyon
3. kalamay, sinigang, turon
4. kanin, juice, softdrink
5. papel, kutsara, plato
6. okra, bayabas, sitaw
7. sapatos, suklay, medyas
8. doktor, guro, nars
9. motorsiklo, eroplano, helikopter
10. manok, leon, pato

B. Itambal ang mga salita sa Hanay A sa kaugnay nitong salita sa Hanay B. Isulat ang letra ng tamang sagot sa sagutang papel.

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| _____ 1. lapis | A. reyna |
| _____ 2. tabo | B. paaralan |
| _____ 3. payong | C. petsay |
| _____ 4. cellphone | D. timba |
| _____ 5. dahon | E. ahos |
| _____ 6. mesa | F. krayola |
| _____ 7. hari | G. charger |
| _____ 8.kangkong | H. puno |
| _____ 9. sibuyas | I. upuan |
| _____ 10. guro | J. bag |

C. Pangkatin ang mga salitang magkakaugnay na nasa kahon. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

| | | | |
|---|---|---|---|
| papel | manga | kompyuter | papaya |
| bulaklak | isda | bunga | tablet |
| kape | sapatos | guro | bubuyog |
| kusina | lapis | santol | pawikan |
| selpon | paru-paro | butanding | dahon |
| puno | asukal | tsinelas | gatas |
| pisara | kwarto | pambura | medyas |
| paaralan | sala | | |

1. ____________ ______________ _____________
2. ____________ ______________ _____________
3. ____________ ______________ _____________
4. ____________ ______________ _____________
5. ____________ ______________ _____________
6. ____________ ______________ _____________
7. ____________ ______________ _____________
8. ____________ ______________ _____________
9. ____________ ______________ _____________
10. ____________ ______________ _____________



# Isaisip

Masaya ako at natapos mo ang mga gawain, ipagpatuloy ang magandang nasimulan kaibigan!

**Dapat nating tandaan!**

- Ang **Salitang Magkaugnay** ay mga salitang magkatulad o magkaugnay ang kahulugan. Ang mga salitang ito ay magkakasama at magkakapareha.
- Nakikilala ang pagkakaugnay ngmga salita sa pamamagitan ngpagtukoy kungmagkasingkahuluganomagkasalungatba ang mga ito.



# Isagawa

A. Basahin

Linggo ng umaga. Maaga kang gumising upang iligpit ang mga nakakalat na gamit sa loob ng bahay. Naisipan mong ilagay ang mga gamit ayon sa mga kaugnay nito. Ang nasa loob ng kahon ay mga bagay na kailangan mong iligpit. Isulat ang mga ito ayon sa kaugnay na bagay sa ibaba.

| | | | |
|---|---|---|---|
| krayola | tasa | basahan | kolambo |
| kutsara | kwaderno | tinidor | suklay |
| lapis | dustpan | unan | bimpo |
| papel | lampaso | medyas | shampoo |
| plato | sapatos | bota | kama |

1. pambura - ______________________________
2. walis - ______________________________
3. baso - ______________________________
4. tsinelas - ______________________________
5. kumot - ______________________________
6. sabon - ______________________________



# Tayahin

Basahin at sagutin ang mga tanong sa ibaba. Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Ano ang tawag sa salitang magkatulad o magkaugnay ang kahulugan?
   A. Salitang Magkatugma
   B. Salitang Magkaugnay
   C. Salitang Panlarawan
   D. Salitang Kilos

2. Paano nakikilala ang pagkakaugnay ng mga salita?
   A. Kung ang mga salita ay salitang kilos
   B. Kung ang mga salita ay panlarawan.
   C. Kung ang mga salita ay magkatugma.
   D. Kung ang mga salita ay magkatulad o magkasalungat.

3. Inilagay ni Ana sa loob ng bag ang kanyang lapis, papel at gunting. Alin ang kaugnay na salita sa mga bagay na inilagay ni Ana sa kanyang bag?
   A. bola
   B. kendi
   C. sapatos
   D. pambura

4. Ang dahon ay kaugnay sa salitang puno. Ano naman ang kaugnay ng salitang *Google*?
   A. Yahoo
   B. Yehey
   C. kwaderno
   D. aklat

5. Si nanay ay nagluto ng *spaghetti*. Alin sa mga salita sa ibaba ang kaugnay ng sinalungguhitang salita?
   A. prutas
   B. mesa
   C. baso
   D. keyk

6. Sa ibaba, nakasulat ang mga grupo ng mga salita. Aling grupo ang may tamang salitang magkakaugnay?
   A. Kendi, lollipop, tsokolate, ice cream
   B. Kendi, lollipop, papel, tsokolate
   C. Kendi, lapis, papel, pambura
   D. Kendi, manika, lapis, papel

7. Ang mga salita sa ibaba ay magkakaugnay. Alin ang naiiba?
   A. Facebook
   B. Instagram
   C. Twitter
   D. Youtube

8. (paaralan, guro, bolpen, __________ ) Alin sa mga salita sa ibaba ang kukumpleto sa grupo ng salitang magkakaugnay?
   A. kusina
   B. pisara
   C. tsinelas
   D. medyas

9. Sa ibaba makikita ang mga grupo ng salitang magkakaugnay, maliban sa isang grupo. Alin ang naiiba?
   A. kusina, kwarto, sala
   B. dahon, puno, bunga
   C. manga, papaya, santol,
   D. selpon, radio, kompyuter

10. Kung pagpapangkatin mo ang mga salita sa kahon. Alin ang may wastong pagpapangkat?

| | | |
|---|---|---|
| Pawikan | lapis | isda |
| Tsinelas | butanding | papel |
| Medyas | kwaderno | sapatos |

A. pawikan, tsinelas, isda
   papel, medyas, sapatos
   butanding, kwaderno,lapis

B. pawikan,medyas, papel
   butanding, isda, tsinelas
   sapatos, kwaderno, lapis

C. pawikan. isda, butanding
   tsinelas, papel, medyas
   lapis, sapatos, kwaderno

D. pawikan, butanding, isda
   lapis, papel, kwaderno
   tsinelas, medyas, sapatos

# Karagdagang Gawain

Sumulat ng dalawang kaugnay na salita ng mga salitang nasa ibaba. Isulat ang sagot sa inyong kwaderno.

1. bahay - ______________ ______________
2. aklat – ______________ ______________
3. lupa – ______________ ______________
4. abokado – ______________ ______________
5. bangka – ______________ ______________
6. ulan – ______________ ______________
7. telebisyon – ______________ ______________
8. bulaklak – ______________ ______________
9. tubig – ______________ ______________
10. parke - ______________ ______________

# Susi sa Pagwawasto

**SUBUKIN:**

1. Mahusay, eksperto, pag-aaral
2. Facebook, Instagram, Twitter
3. Mag-aaral, paaralan, guro
4. Dyip, traysikel, bus
5. Keyk, kendi, tsokolate

**BALIKAN:**

1. T
2. M
3. T
4. T
5. M

**PAGYAMANIN:**

| | | |
|---|---|---|
| A. | 1. Keyk, mamon | B. 1. F |
| | 2. DVD player, telebisyon | 2. D |
| | 3. Kalamay, turon | 3. J |
| | 4. Juice, softdrink | 4.G |
| | 5. Kutsara, plato | 5. H |
| | 6. Okra, sitaw | 6. I |
| | 7. Sapatos, medyas | 7. A |
| | 8. Doktor, nars | 8. C |
| | 9. Eroplano, helikopter | 9. E |
| | 10. Manok, pato | 10. B |

| | | | |
|---|---|---|---|
| C. | 1. apel | lapis | pambura |
| | 2. Mangga | santol | papaya |
| | 3. Kompyuter | selpon | tablet |
| | 4. Bulaklak | paru-paro | bubuyog |
| | 5. Isda | butanding | pawikan |
| | 6. Bunga | puno | dahon |
| | 7. Kape | asukal | gatas |
| | 8. Sapatos | tsinelas | medyas |
| | 9.Guro | pisara | paaralan |
| | 10. Kusina | kwarto | sala |

**ISAGAWA:**

1. Krayola, lapis, papel, kwaderno
2. Lampaso, basahan, dustpan
3. Plato, kutsara, tasa, tinidor
4. Sapatos, medyas, bota
5. Unan. kolambo.

**TAYAHIN:**

| | |
|---|---|
| 1. B | 6. A |
| 2. D | 7.D |
| 3. D | 8.B |
| 4. A | 9.D |
| 5. D | 10. C |

**KARAGDAGANG GAWAIN:**

Depende sa bata ang sagot sa gawaing ito.

# Sanggunian

"Computer room cliparts." Accessed December 2020. http://clipart-library.com/clipart/n887092.htm.

Department of Education. K to 12 Filipino curriculum guide. Philippines: Department of Education, 2016.

GMA News Online. "Labis na oras sa facebook, may masamang epekto raw sa pag-aaral." Published August 9, 2011. https://www.gmanetwork.com/news/news/ulatfilipino/228933/labis-na-oras-sa-facebook-may-masamang-epekto-raw-sa-pag-aaral/story/.

## Region IX: Zamboanga Peninsula Hymn – Our Eden Land

Here the trees and flowers bloom
Here the breezes gently Blow,
Here the birds sing Merrily,
The liberty forever Stays,

Gallant men And Ladies fair
Linger with love and care
Golden beams of sunrise and sunset
Are visions you'll never forget
Oh! That's Region IX

Here the Badjaos roam the seas
Here the Samals live in peace
Here the Tausogs thrive so free
With the Yakans in unity

Hardworking people Abound,
Every valleys and Dale
Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos,
Cebuanos, Ilocanos, Subanons, Boholanos, Ilongos,
All of them are proud and true
Region IX our Eden Land

## The Footprints Prayer

One night I had a dream. I dreamed that I was walking along the beach with the LORD.

In the beach, there were two (2) sets of footprints – one belong to me and the other to the LORD.

Then, later, after a long walk, I noticed only one set of footprints.

"And I ask the LORD. Why? Why? Why did you leave me when I am sad and helpless?"

And the LORD replied "My son, My son, I have never left you. There was only one (1) set of footprints in the sand, because it was then that I CARRIED YOU!

## Trees by Joyce Kilmer

I think that I shall never see
A poem lovely as a tree.

A tree whose hungry mouth is prest
Against the earth's sweet flowing breast;
A tree that looks at God all day,
And lifts her leafy arms to pray;
A tree that may in Summer wear
A nest of robins in her hair;
Upon whose bosom snow has lain;
Who intimately lives with rain
Poems are made by fools like me,
But only God can make a tree.